

# Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Florante at Laura

Joyce B. Cordenete, Ma. Theresa E. Macaldao Ph.D.

Mabalacat National High School

PSU – School of Advanced Studies

[joyce.cordenete001@deped.gov.ph](mailto:joyce.cordenete001@deped.gov.ph), [matheresa\\_macaldao@yahoo.com](mailto:matheresa_macaldao@yahoo.com)

## Abstrak

Ang pinakalayunin ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang interaktibong modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura. Naglalaman ang interaktibong modyul ng mga paksang aralin mula sa obra maestrang Florante at Laura. Kasama rito ang sumusunod: “Kay Selya”, “Sa Babasa Nito”, “Gubat ng Pighati”, “Ang Kabataan at Pag-Ibig ni Florante”, “Ang Pag-ibig at Pighati ni Aladin”, at “Ang Masayang Wakas”. Minabuti ng mananaliksik na ang interaktibong modyul ay iangkla sa inilabas ng Gabay Pangkurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon.

Gumamit ng disenyong Research and Development ang mananaliksik para sa kaniyang pag-aaral o kilala sa tawag na pananaliksik at pagpapaunlad.

Matapos makabuo ng isang interaktibong modyul, ito ay pinabalido sa mga gurong eksperto sa larangan ng panitikan upang masuri at masiyasat ang nilalaman nito. Gumamit ng tseklis ang mananaliksik na nagmula sa LRMDs at ito ay kaniyang minodipika. Binubuo ang tseklis ng Layunin, Nilalaman, Format, Presentasyon at Organisasyon, at Pagsasanay. Lumabas sa resulta ng pagpapabalido na ang Layunin, Nilalaman, Ilustrasyon, Disenyo, Presentasyon at Organisasyon at Pagsasanay ay may mean na 5.00, ang Format naman ay nakakuha ng mean na 4.93. Ang lahat ng bahagi ay mayroong deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap. Sa kabuuan ng resulta, ang interaktibong modyul ay nagtamo ng kabuuang mean na 4.96 at may deskripsiyong Liubos na Katanggap-tanggap. Samakatuwid, ang interaktibong modyul ay katanggap-tanggap batay sa mga bahagi nito.

Matapos ang pagpapabalido, pinagamit ng mananaliksik ang narebisang modyul sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang upang malaman ang antas ng pagtanggap dito. Gumamit rin ng tseklis ang mananaliksik na mula sa LRMDs, at naglalaman din ito ng limang bahagi: Layunin, Nilalaman, Format, Presentasyon at Organisasyon at Pagsasanay. Lumabas sa tinuos na datos na ang Presentasyon at Organisasyon at ang Pagsasanay ay parehong nagtamo ng mean na 5.00 na may deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap. Samantala, nagtamo naman ng 4.98 na mean na may deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap ang Nilalaman at Format. Ang Layunin naman ay nakakuha ng 4.95 na mean na may deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Ang pinakaresulta ng pagpapagamit ng interaktibong modyul sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa kabuuan ay may mean na 4.98 at may deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Sa kabuuan, naging maganda ang kinalabasan ng paggamit ng interaktibong modyul sa pagkatuto at pagtuturo sa mga mag-aaral dahil katanggap-tanggap ito batay sa mga bahagi.

## Susing Salita

Florante at Laura, Interaktibong Modyul sa Pagtuturo, Panitikan, Obra Maestra

## PANIMULA

Nakasentro ang Kagawaran ng Edukasyon sa ikabubuti ng mga mag-aaral. Nakatuon din ang layunin nito sa kung paano matuto ang mga ito sa pinakamahasag at pinakamadaling pamamaraan dahil ang mga mag-aaral ang pinakatampok sa pagtuturo at pinakasentro sa akademikong pagkatuto. Kung gayon, upang matugunan ang nais ng Republic Act No. 10533 s.2013, o ang “No Child Left Behind [1], na mapataas ang antas ng kalidad ng edukasyon at matamo ang inaasahang bunga na itinakda ng organisasyon, kinakailangang isaalang-alang ng guro ang mga pamamaraan o kagamitan sa pagtuturo na maaaring maging sandata sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo.

Ang panitikan ay maituturing na walang katapusan. Tulad ng edukasyon na walang hangganan ang kahalagahan, ang panitikan ay isa ring paglalakbay at hangga’t may isang indibidwal ang naniniwala rito, patuloy itong mabubuhay. Ngunit dahil sa pag-usbong ng teknolohiya, unti-unti nang natatabunan ang panitikan at iilan na lamang ang nagpapahalaga rito. Tuluyang mawawala ang panitikan kung patuloy itong babalewalain ng mga kabataan dahil kahit ito ay nasa kurikulum ng ating edukasyon ay hindi na ito masyadong pinagtutuunan ng pansin ng mga mag-aaral at tanging dala na lamang ng pangangailangan kung kaya’t ito ay kanilang pinag-aaralan. Sa katunayan, nawawaglit na sa isipan na sumasalamin sa mga obrang ito ang mga pangyayari sa nakaraan, kasulukuyan at hinaharap. Ngunit sa kabila ng pag-usbong ng mga teknolohiya, nabanggit ni Linnell [2] sa kaniyang pananaliksik na pinamagatang “*Appropriate Technology in the Tech.Ed. Classroom, Journal of Industrial Teacher Education*”, 32,83-85 na kailangang maging handa ang mga mag-aaral sa tuloy-tuloy na pagbabagong dulot ng modernong panahon nang sa gayon ay makasabay ang mga ito sa lakbayin patungo sa hinaharap.

Kapansin-pansin na ang bawat obra maestrang inilatag ng edukasyon para sa mga mag-aaral ay ubod ng haba na kung saan hindi sapat ang isang buong markahan upang talakayin at unawain ng mga mag-aaral ang bawat aralin at kabanata nito. Kaya naman hindi rin maitatatawa ang katotohanang ito’y isinasawalang bahala na lamang ng mga mag-aaral at hindi na pinagtutuunan ng pansin. Kaya naman isang malaking dagok para sa mga guro na tagapagdaloy ng kaalaman ang pagtuturo sa mga panitikan. Una, dahil sa ito ay mahaba hindi sapat ang isang buong markahan upang talakayin ang iba’t ibang panitikan. Ikalawa, hindi masyadong ginagamit ang mga aktibidad o gawain sa aklat sapagkat ito ay hindi mawatasan ng mga mag-aaral at hindi nakaangkla sa Curriculum Code. At ikatlo, kakulangan sa mga materyales na maaaring gamitin ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, kinakailangang maging malikhain ng isang guro sa pagtuturo upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa tinatalakay na paksa sapagkat nagsisilbing drayber ang guro sa loob ng silid-aralan na siyang maghahatid ng impormasyon sa mga mag-aaral na pasahero. Maliban sa guro, ang mga kagamitang pampagtuturo ang magiging katuwang ng isang guro sa loob ng isang silid-aralan kaya’t maituturing na epektibong guro ang gumagamit nito sa pagpapalaganap ng ideya, impormasyon at kaalaman na kakailanganin ng mga mag-aaral na uhaw sa kaalaman.

Maraming maaring gamiting kagamitang pampagtuturos ang isang guro at malaki ang tulong ng mga ito sa pagkatuto-pagtuturo at pagsasalin ng impormasyon, isa na rito ang Modyul na makatutulong upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral at sa tulong nito, mapagagaan at mapabibilis din ang pagtuturo ng mga panitikang iniwasan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan din nito, ang mahabang pagtalakay sa isang panitikan ay mapaiikli at mapabibilis nang matapos ito sa itinakdang oras ng pagtalakay. Isinaad ni Macarandang [3] (2009) sa kaniyang pag-aaral na “*Evaluation of a Proposed set of Modules in Principles and Methods of Teaching*”, na kinakailangang ang

pagbuo ng modyul ay limitado lamang ang saklaw nito at maaaring matapos sa isang talakayan upang magkasya sa nakatakdang lingguhang pagtalakay. Binanggit din sakaniyang pag-aaral na kinakailangang payak lamang at simple ang lengguwaheng gagamitin upang mas maintindihan ng mga mag-aaral nang sa gayon ay mapadali ang pagtalakay.

Isa sa mga napansin ng mananaliksik na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagtalakay sa obra maestrang Florante at Laura sapagkat ito ay naglalaman ng mga malalalim na salita kung kaya't nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang mensaheng nais ipabatid ng bawat saknong. Bukod pa rito, hindi sapat ang isang markahan upang matapos ang napakaraming araling nakapaloob sa Florante at Laura.

Samakatuwid, ang mananaliksik ay nais na makabuo ng isang modyul bilang isang kagamitang pampagtuturo upang makatulong sa mga mag-aaral nang maiwasan ang pagkabagot at kawalan ng interes sa pag-aaral ng obra maestra at magkaroon ng mga karagdagang gawain na mas mauunawaan ng mga mag-aaral at angkop sa kanilang kakayahan bilang 21<sup>st</sup> century learners at mapaikli ang pagtalakay rito at matapos sa itinakdang oras ng talakayan na siyang makatutulong sa mga guro na hirap pagkasyahin at talakayin ang akda sa tamang oras.

Isang patunay na mabisa ang paggamit ng modyul sa nabanggit at pinagtibay ni LeBrun [4] (2001) sa kaniyang pag-aaral na "*A Study of Modularized Instruction and its Role in the Technology Education Curriculum at Southern Door Schools, USA*" na ang paggamit ng modyul ay nakatutulong sa mabilis na proseso ng pagkatuto ng mag-aaral at lumabas din sa kaniyang pananaliksik na mas pinili ng kaniyang mga mag-aaral ang modyul dahil ito ay nakaaaliw at nakapupukaw ng interes.

Isa na ring guro ang sumubok na gumamit ng isang *Interactive Module* sa pagtuturo ng panitikan at nagkaroon ng magandang resulta. Ayon sa pag-aaral na isinagawa ni Castelo [5] (2019) na pinamagatang

"*Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Panitikang Asyano*", malaki ang naging impak ng paggamit nito sa ikasiyam na baitang sa pagtuturo ng panitikan sapagkat tumaas ang marka ng mga mag-aaral at kinakitaan ng interes sa pag-aaral ng panitikan ang mga mag-aaral.

Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na gumawa ng isang interaktibong modyul nang sa gayon ay magamit ng mga mag-aaral at matamo ang layunin ng mananaliksik para sa mga mag-aaral.

### Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagbuo ng interaktibong modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura para sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang.

Sisikapang sagutin sa pag-aaral ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano-anong mga aralin ang maaaring mabuo batay sa Gabay Pangkurikulum ng ikawalong baitang sa pagtuturo ng Florante at Laura?
2. Ano ang antas ng baliditi ng interaktibong modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura ayon sa mga eksperto batay sa sumusunod:
  - 2.1 Layunin
  - 2.2 Nilalaman
  - 2.3 Format
  - 2.4 Presentasyon at Organisasyon
  - 2.5 Pagsasanay ?
3. Ano ang antas ng pagtanggap sa interaktibong modyul ng mga mag-aaral batay sa sumusunod:
  - 3.1 Layunin
  - 3.2 Nilalaman
  - 3.3 Format
  - 3.4 Presentasyon at Organisasyon
  - 3.5 Pagsasanay ?

### Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik

Ang disenyong Pananaliksik at Pagpapaunlad o *Research and Development* ang pamamaraang ginamit ng mananaliksik upang maisakatuparan ang pag-aaral.

Ayon sa Investopia (2018) sinipi sa pag-aaral ni Patio (2018), isa itong disenyo ng pananaliksik na kung saan bubuo ng panibagong produkto na magagamit sa pangangailangan ng kasalukuyang suliranin.

Ang pinakalayunin ng mananaliksik ay ang makabuo ng isang modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura na magagamit ng mga mag-aaral bilang kagamitan na makapagpapaunawa sa mga aralin. Bukod pa rito, magagamit din ito ng mga guro sapagkat ito ay nakaangkla sa Gabay Pangkurikulum ng Kagawaran ng Edukasyong Sekundarya.

Sa pagbabalido ng modyul, talatanungan ang ginamit na instrumento para sa mga eksperto. Batay sa sumusunod na bahagi, sinuri ang kagandahan, kaangkupan at kawastuhan ng modyul para sa mga mag-aaral: (1) Layunin, (2) Nilalaman, (3) Format, (4) Presentasyon at Organisasyon, at (5) Pagsasanay.

Bilang kagamitang ginamit ng mga eksperto sa pagbabalido ng modyul, ginamit ng mananaliksik ang tseklis na mula sa *Learning Resource Management and Development System*. Ito ay minodipika at isinalin sa wikang Filipino nang sa gayo'y magamit ayon sa pangangailangan ng modyul at maging konsistent ang pag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Bukod pa rito, isinama ang layunin at pagsasanay sa talasagutan para sa mga ekspertong nagbalido ng modyul.

Upang malaman ang antas ng pagtanggap sa mga mag-aaral, talatanungan din ang ginamit na instrumento (LRMDS) batay sa sumusunod na bahagi : (1) Layunin, (2) Nilalaman, (3) Format, (4) Presentasyon at Organisasyon, at (5) Pagsasanay.

**Paglalahad , Pagsusuri At Interpretasyon Ng Mga Datos**

**Resulta ng ebalwasyon ng pagpapabalido ng Interaktibong Modyul na ALAB**

Matapos maisakatuparan at mabuo ang Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Florante at Laura, nagtungo ang mananaliksik sa iba't ibang gurong eksperto nang sa gayon ay sumailalim sa balidasyon ang nabuong interaktibong modyul.

**Tinuos na Pangkabuuang Datos ng Balidasyon ayon sa mga eksperto**

BAHAGI NG MODYUL	WM	DESKRIPSYON
1. Layunin	5	Lubos na Katanggap-tanggap
2. Nilalaman	5	Lubos na Katanggap-tanggap
3. Format	4.93	Lubos na Katanggap-tanggap
3.1 Pagkakabuo	4.8	Lubos na Katanggap-tanggap
3.2 Ilustrasyon	5	Lubos na Katanggap-tanggap
3.3 Disenyo	5	Lubos na Katanggap-tanggap
4. Presentasyon at Organisasyon	5	Lubos na Katanggap-tanggap
5. Pagsasanay	5	Lubos na Katanggap-tanggap
Kabuuan	4.96	Lubos na Katanggap-tanggap

Makikita sa talahanayan bilang 2 ang resulta ng ebalwasyon ng mga gurong eksperto na nagbalido ng interaktibong modyul. Ayon sa lumabas na resulta, ang Layunin, Nilalaman, Ilustrasyon, Disenyo, Presentasyon at Organisasyon at Pagsasanay ang may pinakamataas na *weighted mean* na 5.00 at may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap. Hindi naman nalalayo ang *weighted mean* ng Format na 4.93 at may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Sa madaling sabi, ang pinakaresulta ng isinagawang pagpapabalido sa mga gurong eksperto ay may *weighted mean* na 4.96 at may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Batay sa lumabas na resulta, ang interaktibong modyul na sumailalim sa pagbalido ay kinakitaan ng Lubos na Katanggap-tanggap na deskripsyon kung saan ito ay magiging kapaki-pakinabang at lubos na magagamit sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang. Ang mga **Layuning** ginamit sa modyul ay angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na alinsunod sa Gabay Pangkurikulum na

dapat nilang matamo at matutuhan. Tulad ng layunin, ang **Nilalaman** ay ibinatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral na kung saan ay iniangkla rin sa Gabay Pangkurikulum ng asignaturang Filipino. Ang **Format** sa interaktibong modyul ay ginawa sa pamamagitan ng **Pagkakabuo, Ilustrasyon, at Disensyo** kaya naman ito ay nagtataglay ng mga angkop na laki at istilo ng *font* at ang bawat larawang ginamit ay akma sa bawat aralin at pahayag sa loob ng interaktibong modyul kaya naman kapansin-pansin at nakaagaw ng atensyon sa mga makababasa at mag-aaral na siyang nakapanghihikayat upang mas mawatasan ang bawat nilalaman ng interaktibong modyul. Mahusay at malinaw rin ang pagkakasunod-sunod ng bawat **Presentasyon at Organisasyon** ng bawat bokabularyong ginamit sa modyul nang sa gayon ay madaling maunawaan ng mga mag-aaral at higit sa lahat ay naganyak ang mga mag-aaral dahil sa kanilang mga nasilayang mga larawang ginamit. Hindi rin nawaglit sa mananaliksik na gumamit ng mga salitang angkop sa kaalaman ng mga mag-aaral kaya naman naging madali para sa mga mag-aaral ang mawatasan ang bawat panuto sa loob ng **Pagsasanay** at iniayon din ang bawat pagtataya sa kakayahan at antas ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, ang binuong interaktibong modyul ay epektibo at mabisang gamitin ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang sapagkat ito ay binalido ng mga gurong eksperto at ayon sa resulta ng isinagawang pagpapabalido ito ay nagtamo ng resultang lubos na katanggap-tanggap.

### **Resulta ng Antas ng Pagtanggap ng Interaktibong Modyul (ALAB) sa Ikawalong Baitang**

Matapos irebisa ng mananaliksik ang modyul batay sa mga naging mungkahi at rekomendasyon ng mga gurong eksperto, ang nabuong interaktibong modyul ay ipinagamit sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang mula sa mga seksyong tinuturuan ng mananaliksik. Nilalayan nito na matukoy ang antas ng

pagtanggap ng interaktibong modyul sa mga mag-aaral.

### **Kabuuang Resulta ng Antas ng Pagtanggap ng Interaktibong Modyul sa Ikawalong Baitang**

<b>BAHAGI NG MODYUL</b>	<b>WM</b>	<b>DESKRIPSYON</b>
1. Layunin	4.95	Lubos na Katanggap-tanggap
2. Nilalaman	4.98	Lubos na Katanggap-tanggap
3. Format	4.98	Lubos na Katanggap-tanggap
4. Presentasyon at Organisasyon	5	Lubos na Katanggap-tanggap
5. Pagsasanay	5	Lubos na Katanggap-tanggap
<b>Kabuuang</b>	<b>4.98</b>	<b>Lubos na Katanggap-tanggap</b>

Mapapansin sa talahanayan sa itaas ang kabuuang resulta ng tinuos na datos ng antas ng pagtanggap ng interaktibong modyul sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang. Batay sa naging resulta, ang Presentasyon at Organisasyon at ang Pagsasanay ay parehong nagtamo ng *weighted mean* na 5.00 na may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap. Samantala, nagtamo naman ng 4.98 na *weighted mean* na may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap ang Nilalaman at Format. Ang Layunin naman ay nakakuha ng 4.95 na *weighted mean* na may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Ang pinakaresulta ng pagpapagamit ng interaktibong modyul sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa kabuuang ay may *weighted mean* na 4.98 at may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Samakatuwid, ang interaktibong modyul ay mabisang gamitin sa pagtuturo ng obra maestra. Batay sa lumabas na resulta ay lubos na katanggap-tanggap ang interaktibong modyul sa

pagtuturo ng Florante at Laura dahil sa paggamit ng kakaibang aplikasyon sa teknolohiya. Sa madaling sabi, ang interaktibong modyul ay kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral at guro pagdating sa pagkatuto at pagtuturo. Bukod pa rito, hindi maitatatawa na ang nabuong modyul ay sumunod sa layuning ng Kagawaran ng Edukasyon na magpalaganap ng kalidad na edukasyon para sa lahat. Kaya naman masasabing epektibo ang isang guro kung ito ay gumagamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

### **KONKLUSYON**

Sa bahaging ito mababasa ang nabuong konklusyon mula sa pag-aaral ng mananaliksik sa paggamit ng interaktibong modyul sa Florante at Laura.

1. Ang nabuong interaktibong modyul ay binubuo ng anim (6) na aralin mula sa binuod na mga saknong ng obra maestrang Florante at Laura para sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang. Sinikap na ang bawat gawain sa loob ng aralin ng ALAB ay inangkla sa Gabay Pangkurikulum na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon na siyang magsisilbing gabay ng mga guro at mag-aaral sa pagtalakay ng bawat paksa.
2. Ang interaktibong modyul ay sinuri at binalido ng mga gurong eksperto nang sa gayon ay maging matibay ang katunayang ang modyul ay maaring gamitin sa pagtamo ng pagkatuto at pagtuturo. Lumabas din sa resulta ng pagpapabalido sa interaktibong modyul ang interpretasyong lubos na katanggap-tanggap sa Layunin, Nilalaman, Format, Presentasyon at Organisasyon at Pagsasanay. Sa madaling sabi, ang interaktibong modyul ay maayos na binalangkas at ginawa para sa mga mag-aaral nang makamit ang inaasahang layunin ng Kagawaran ng Edukasyon para sa ika-21 siglong mag-aaral.
3. Matapos marebisa ng mananaliksik ang interaktibong modyul batay sa mga naging rekomendasyon ng mga gurong eksperto ay ipinagamit ito sa mga mag-aaral sa ikawalong

baitang. Lumabas sa resulta ng isinagawang proseso na ang interaktibong modyul ay may interpretasyong lubos na katanggap batay sa mga bahagi nito: Layunin, Nilalaman, Format, Presentasyon at Organisasyon at Pagsasanay. Samakatuwid, naging kapaki-pakinabang ang paggamit ng nabuong interaktibong modyul sa mga mag-aaral nang makamit ang mataas na pagtamo ng karunungan kumpara sa tradisyonal na pagtuturo. Sa tulong ng interaktibong modyul, makamit ng mga mag-aaral ang kaalaman nang hindi nababagot at hindi nawawala ang interes sa pag-aaral.

### **REKOMENDASYON**

Sa bahaging ito naman mababasa ang mga nabuong rekomendasyon ng mananaliksik batay sa lagom at konklusyon ng pag-aaral.

1. Sa pagbuo ng isang interaktibong modyul, kinakailangang isaalang-alang ang mga mag-aaral na gagamit sapagkat sila ang sentro ng edukasyon. Huwag ding kalilimutang gamitin ang binuo ng Kagawaran ng Edukasyon na Gabay Pangkurikulum upang hindi maligaw sa pagbuo ng mga layunin sapagkat ito ang mga hinihinging gawain na dapat na matamo ng mga mag-aaral.
2. Iminumungkahi ng mananaliksik na iangkla ang bawat layunin at nilalaman sa Gabay Pangkurikulum ng Filipino at kinakailangang angkop sa mga mag-aaral ang mga pagsasanay at format ng interaktibong modyul. Mainam din na bigyang-buhay ang presentasyon at organisasyon ng interaktibong modyul dahil ang mga mag-aaral ay nasa ika-21 siglo nararapat na angkop ito sa kanilang interes nang hindi maglaho ang atensyon.
3. Iminumungkahing gamitin ang nabuong interaktibong modyul sa Florante at Laura dahil sa magandang resulta ng balidasyon mula sa iba't ibang gurong eksperto at sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral.
4. Hinihikayat ang mga guro hindi lamang sa larangan ng panitikan bagkus sa iba't ibang asignatura na bumuo ng ganitong uri ng modyul sapagkat ang panahon ngayon ay

nabubuhay na sa iba't ibang teknolohiya na siyang nakapagpapasigla sa mga mag-aaral upang patuloy na mag-aral at makatamo ng marami pang kaalaman at malaki ang posibilidad na walang mag-aaral ang mabagot sa talakayan lalo na sa panitikan.

5. Mainam na dumalo sa mga palihan na may kinalaman sa pagbuo ng mga modyul o interaktibong modyul nang sa gayon ay magkaroon ng ideya sa kung ano ang mga magandang gawin bilang kagamitang pampagtuturo at matugunan ang mga suliraning kinahaharap sa pag-aaral ng mga mag-aaral.
6. Suportahan ng administrasyon ang mga guro na nagsasagawa ng pag-aaral na may kinalaman sa pag-angat ng kaalaman ng mga mag-aaral tuladng interaktibong modyul sapagkat nabubuhay ang bawat isa sa ika-21 siglo na kung saan teknolohiya ang nagpapagalaw at naggaganyak sa bawat nilalang. Ang mabubuon interaktibong modyul ay magiging karagdagang kagamitang pampagtuturo ng mga guro.

### **BIBLIOGRAPI**

- [1] Batas Republika Blg. 10533, <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/batas-republika-blg-10533/>, May 15, 2013
- [2] Linnell, Charles C. (1995) Appropriate Technology in the Tech.Ed. Classroom, *Journal of Industrial Teacher Education*, pp. 32, 83-85.
- [3] Macarandang, Mercedes A. (2009), Evaluation of a Proposed Set of Modules in Principles and Methods of Teaching, ISSN: 2094-1749 Vol. 1, Issue: 1, 2009 pp. 2
- [4] LeBrun, David (2001). A Study of Modularized Instruction and its Role in the Technology Education Curriculum at Southern Door Schools.
- [5] Castelo, Rommel T. (2020) Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Panitikan. Nalathalang tesis. Tarlac State University, Tarlac City.

[6] Behlol, G. (2010) Development and Validation of Module in English Secondary Level in Pakistan, Unpublished Master's Thesis. Pakistan. <http://eprints.hec.gov.pk/3043/>

[7] Cunningham, J.L. (2009) The Development and Validation of a High School Textbook on the Ancient Chamorros of Guam. File://F:/3282819

[8] Ghavifekr, S. & Rosdy, W.A.W. (2015). Teaching and learning with technology: Effectiveness of ICT integration in schools. *International Journal of Research in Education and Science (IJRES)*, 1(2), 175-191. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1105224.pdf>

[9] Opira, G. (2010), Effects of Information and Communication Technology on Students' Learning: A Case of Gulu University. Makerere University.

[https://news.mak.ac.ug/documents/Makfiles/theses/Opira\\_Geoffrey.pdf?fbclid=IwAR2o3S0rvsgo61Gqbq\\_f9-uVvR15YM3nfZlaUzOmJMxFtPmlSq\\_z7W5hl4E](https://news.mak.ac.ug/documents/Makfiles/theses/Opira_Geoffrey.pdf?fbclid=IwAR2o3S0rvsgo61Gqbq_f9-uVvR15YM3nfZlaUzOmJMxFtPmlSq_z7W5hl4E)

[10] Tochukwu, I. U. (2015) Awareness of Students on the Usefulness of ICT Tools in Education: The Case of EMU IT Students. <https://pdfs.semanticscholar.org/be59/de4690e50bcbc2edd61397322d1d9a727a33.pdf?fbclid=IwAR1AanLyYo2exsTYaC2SmggCSY2HYomMp7YBCnykE8pja2CbPFpOJxRUI>

[11] Tomas, G. C. (2013) Pagbuo at Balidasyon ng Modyul sa Pagsulat ng Balita para sa mga Mag-aaral ng Mataas na Paaralan ng Villa Aglipay. Di-nalathalang tesis. Tarlac State University, Tarlac City.

[12] Yusuico, N. O. (2018) Kabisaan ng Paggamit ng Computer Animation sa Pagtuturo ng Nobelang El Filibusterismo. Di-nalathalang tesis. Tarlac State University, Tarlac City.

[13] Napa, P. A. (2010) Instructional Materials on Vocabulary Skills Development for College

Sophomore Students Majoring in English at Widya Madira Catholic University.

[14] Olawale, S. K. (2013) The Use of the Instructional Materials for Effective Learning of Islamic Studies. Nalathalang Tesis. Ekiti-State University, Ado-Ekti, Nigeria.

[15] Syatria, E. et al. (2013) A Model of Creating Instructional Materials Based on the School Curriculum for Indonesian Secondary Schools. Nalathalang tesis. State University of Makassar, Indonesia.